# THE MESSAGE OF THE CROSS
## For Preschoolers

## ANG MENSAHE NG KRUS
## PARA SA MGA PRESCHOOLER

English
Tagalog



Maria T. Nagel



YouTube: https://www.youtube.com/channel/UCen8re18TEWkN9yjP_1JBkA/playlists
Facebook: https://www.facebook.com/maria.hebga
Instagram: https://www.instagram.com/mariagrace333/
PayPal: PayPal.Me/MariaTNagel

**THE MESSAGE OF THE CROSS FOR PRESCHOOLERS**

Copyright © 2019 by Maria T. Nagel.
All rights reserved. No portion of this book may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means, except for brief quotations in printed reviews, without prior permission from the author.
Requests for information should be addressed to the author:

blessed-books@outlook.com
www.iBless.it

Text, illustrations and book design by Maria T. Nagel.

Editing by ChristianEditingServices.com

Tagalog translation by Ma. Magdalena Lava.

Self-published through Blurb, Inc. 2019


**DISCLAIMER**

The featured images are artistic expressions of the illustrator and therefore not intended to be used as religious objects of worship or veneration.

**PAUNAWA**

Ang mga itinatampok na larawan ay masining na pagpapahayag ng ilustrador at samakatuwid ay hindi nilalayong gamitin bilang relihiyosong mga bagay ng pagsamba o paggalang.

# THIS COPY IS NOT FOR SALE



A long time ago, Father God was sitting on his throne in heaven. He was sad. His only Son, Jesus, asked, "What's the matter, Dad?"

Matagal na panahon na ang nakaraan, ang Diyos Ama ay nakaupo sa kanyang trono sa langit. Siya ay malungkot. Ang kanyang nag-iisang Anak, si Hesus, ay nagtanong  "Ano po ang problema, Ama ? "





Father God answered, “Too many people on earth fight, lie, steal, and forget about me. This is bad and makes me very, very sad.”

Ang Diyos Ama ay sumagot ,
“ Napakaraming mga tao sa mundo ang nag-aaway, nagsisinungaling, nagnanakaw, at nakakalimutan ako. Ito ay masama at ginagawang sobrang malungkot ako. ”




“Yes, Father, that's true. But tell me, what can we do? They don't want to change or listen to you.”

“My Son, you are right. I think about this day and night. We created them with so much love and joy. But they treat our love like a toy. They take it, play with it, then throw it away. My heart is broken every day.”

“ Opo, Ama, totoo po iyan. Pero sabihin po ninyo  sa akin, ano po ang pwede nating gawin? Ayaw po nilang magbago o makinig sa inyo. ”

“ Anak ko , tama ka. Iniisip ko ito mula umaga hanggang gabi. Nilikha natin sila nang may sobrang pagmamahal at kasiyahan. Subalit itinuturing nila ang ating pagmamahal na parang laruan.

Tinatanggap nila ito, pinaglalaruan, pagkatapos ay itinatapon. Ang aking puso ay durog araw-araw. ”



Father God continued, “Things must change. I need someone to take all the bad things away. It must be someone I can trust. Who can I send? Who will it be?”

Ang Diyos Ama ay nagpatuloy,
“Ang mga bagay ay dapat na mabago.
Kailangan ko ng isang taong mag-aalis ng lahat ng masasamang bagay. Kailangan ang taong ito ay aking mapagkakatiwalaan.
Sino ang maaari kong ipadala ?
Sino ang taong ito ? ”







Jesus said, “Send me. I will be their teacher, Savior and friend.”

Sabi ni Hesus, “ Ipadala po ninyo ako. Ako po ang kanilang magiging guro, tagapagligtas at kaibigan. ”





"That's perfect, my Son. If I send you, they will finally understand how much we love them. Yes, go to earth and be their teacher, Savior, and friend."


" Perpekto iyan, aking Anak. Kapag ikaw ay aking ipinadala, sa wakas ay mauunawaan nila kung gaano natin sila kamahal. Oo, pumunta ka sa mundo at maging kanilang guro, tagapagligtas at kaibigan. "


TORAH
BIBLE

“Jesus, my Son, I will make sure that people write about everything you do so everyone can know you.”


“ Hesus, aking Anak,  sisiguruhin ko na ang mga tao ay isusulat ang tungkol sa lahat ng iyong ginagawa para ang lahat ng tao ay maaaring makilala ka. ”





"When you are on earth, say what you hear me say. And do what you see me do. Be part of their lives. Heal all their diseases. Be strong like a lion and gentle like a thousand breezes."

" Kapag ikaw ay nasa mundo, sabihin mo ang naririnig mong sinasabi ko. At gawin mo ang nakikita mong ginagawa ko. Maging bahagi ka ng kanilang mga buhay. Pagalingin mo ang lahat ng kanilang mga karamdaman. Maging matatag ka tulad ng leon at banayad tulad ng libu-libong simoy ng hangin. "






“Father, will it be hard to be away
from you and live with people
who are not always good to you?”

“Yes. Many will not believe that you
are the Son of God, who became
a man to save their lives and be
their friend.”

“ Ama, magiging mahirap po  ba
na malayo sa inyo at mabuhay
kasama ang mga taong hindi laging
mabubuti sa inyo ? ”

“ Oo. Marami ang hindi maniniwala
na ikaw ang Anak ng Diyos,
na naging tao  upang iligtas ang
kanilang mga buhay at maging
kanilang kaibigan.



“Some people will love you, but those who hate you will nail you to a cross and smile. They will be happy to see you hurt and die.”

“ May ilang mga taong mamahalin ka, subalit yoong mga namumuhi sa iyo ay ipapako ka sa krus at ngingiti pa. Magiging masaya sila na makita kang nasasaktan at namamatay. ”



“Three days after your death, you will be alive again. Ready to teach new things to my beloved children.”

“ Tatlong araw matapos ang iyong kamatayan, ikaw ay mabubuhay na muli. Magiging handa na magturo ng mga bagong bagay sa minamahal kong mga anak. ”



"You will forever be their savior, teacher, brother, and friend."

"You will be their joy, and you will be their strength. Always by their side to hold their precious hand."

" Ikaw ay kanilang magiging tagapagligtas, guro, kapatid , at kaibigan magpakailanman."

" Ikaw ay kanilang magiging kaligayahan, at ikaw ay kanilang magiging lakas. Palagi ka sa kanilag tabi upang hawakan ang kanilang mahalagang kamay. "

This bilingual book narrows down the message of the cross to a story preschoolers can easily understand. The simple, poetic language gives readers a peek behind the scenes of heaven into Father God's tender heart. The little ones will also receive a deeper understanding of Jesus's mission to teach, heal, and save us so we can one day live with Him forever in heaven.

This Christian picture book is a wonderful resource for families, churches, Sunday schools, homeschoolers, and Christian educators hoping to shape small souls and teach children about Jesus's death on the cross.

The inspirational Christian art beautifully complements the truth the book delivers. Every mother and father will want their own personal copy of ***The Message of the Cross for Preschoolers*****.**

Ang aklat na ito na may dalawang wika ay itinutuon  ang mensahe ng krus sa isang istorya na madaling maiintindihan ng mga preschooler. Ang simple, makatang wika ay nagbibigay sa mambabasa ng pagsilip sa mga eksena sa likod ng langit sa loob ng malambot na puso ng Diyos Ama. Ang mga bata ay makakatanggap din ng mas malalim na pang-unawa sa misyon ng pagtuturo, pagpapagaling, at pagliligtas sa atin ni Hesus para isang araw ay mabubuhay tayong kasama Siya sa langit magpakailanman.

Ang Kristiyanong aklat ng larawang ito ay kahanga-hangang yaman para sa mga pamilya, simbahan, Panlinggong paaralan, nag-aaral sa bahay, at mga Kristiyanong tagapagturo na umaasang mahuhubog ang mga maliliit na kaluluwa at matuturuan ang mga bata tungkol sa kamatayan sa krus ni Hesus.

Ang nakakapagbigay inspirasyong sining ng Kristiyano ay magandang nagdudulot ng kaganapan sa katotohanang inihahatid ng aklat. Ang bawat nanay at tatay ay gugustuhing magkaroon ng kanilang sariling personal na kopya ng ***Ang Mensahe ng Krus para sa mga Preschooler*****.**